IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M07/1/A1PIL/HP2/TGL/TZ0/XX

22070226

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Wednesday 16 May 2007 (morning)
Mercredi 16 mai 2007 (matin)
Miércoles 16 de mayo de 2007 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.
- Vous n'êtes pas autorisé(e) à amener des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d'examen.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.
- No se permite traer a la sala de examen copias de las obras estudiadas.


© IBO 2007

*Sagutin ang* ***isa*** *lamang tanong pangsanaysay. Ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang nasa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay ng isang akda mula sa Ikalawang Bahagi kung ito ay katulad sa anyo o kung may kaugnayan. Ang mga sagot na* ***hindi*** *ibinatay sa hindi sa kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay* ***hindi*** *mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Suriin kung paano nagkakadugtong-dugtong ang mga problema sa dalawa o higit pang nobelang iyong nabasa.

*o ito:*

(b) Sa dalawa o higit pang akdang iyong nabasa, suriin ang pagbabago ng tauhan bunga ng kanyang enkwentro sa mga panlabas na pwersa.

**Maikling Kwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Sa dalawang akdang iyong napag-aralan, talakayin kung paano ang mga elemento (wika, spesipikong reperensya, imahen atbp) ay nagtutugma-tugma at nagkakaisa para di maipagkakailang nararapat ang akda sa isang partikular na panahon at di sa iba pa.

*o ito:*

(b) Batay sa dalawa o higit pang akda, talakayin kung paano nagiging hadlang sa aksyon ng isang indibidwal ang mga kagawiang kanyang nakagisnan at di namamalayang naisaloob na niya.

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Magtalakay ng dalawa o higit pang dula kung saan ang isang menor na tauhan ay nagiging instrumento ng pagbunyag ng katotohanan o daluyan ng dunong.

*o ito:*

(b) Pumili ng dalawa o higit pang akda at tingnan kung anong mga elemento at kasangkapan ang nag-aambag sa pagiging kawili-wili, nakakabagabag, interestante o makabuluhan ng dula. Paano napapalalim ng paggamit ng mga elementong ito ang iyong pandamdam o pananaw sa pampanitikang halaga ng dula?

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) Talakayin kung paano napapatindi ng tunog at/o biswal na imahen ang damdamin, karanasan o ideyang inihahayag sa dalawa o higit pang akda.

*o ito:*

(b) Paghambingin kung paano nailantad ng mga makatang iyong napag-aralan ang mga isyung panlipunan at ang epekto nito.

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Kung minsan, ang pangkalahatang deskripsyon sa halip na partikular, ang isang panorama sa halip na detalyadong eksena ay nakakapukaw ng malakas na damdamin mula sa mambabasa. Batay sa dalawa o higit pang akdang iyong nabasa, gaano katotoo ang obserbasyong ito?

*o ito:*

(b) Sa dalawa o higit pang mga akdang iyong napag-aralan, talakayin kung paano mabisang ginagamit ng may-akda ang salungatan at/o eksaherasyon sa paglilinaw o paggigiit ng posisyon.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Ayon sa isang kilalang manunulat, "ang paglikha ng mga akdang pampanitikan ay isang paraan ng pagsulat ng bansa". Talakayin kung gaano katotoo ito batay sa pagsusuri ng dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan.

*o ito:*

(b) Suriin ang dalawa o higit pang akdang, sa iyong palagay, ay lantad ang makalalake o patriyarkal na pananaw.

*o ito:*

(c) Magtalakay ng dalawa o higit pang akda na sa iyong palagay ay tunay na nagbibigay tinig sa mga mardyinalisado sa lipunang Pilipino.

*o ito:*

(d) Magkomento sa pahayag na "nasasadlak man ang Pilipinas sa putik ng kahirapan, sa yaman ng panitikan nito matatagpuan ang di nawawalang tiwala sa kabutihan ng buhay at patuloy na pag-asa para sa mas magandang hinaharap".